

Noong 1977 ang paaralang espesyal ay binuwag atnapalitan ng Istituto Comprensivo ng regular na paaralan. Sa Kasalukuyan, sa loob ng parke ay matatagpuan ang paaralan ng kindergarten, elementarya at sekundarya na kung saan ang lahat ng pang-akademikong mga gawain ay masayang naisasagawa rito. Sa loob ng parke ay may iba-ibang asosasyon na nagbibigay ng mga gawaing pampaaralan na bukas para sa lahat sa pakikipagtulungan ng paaralan. Sila ay nag-aalok ng mga gawaing pangkultura sa loob ng nasasakupan at nagtataguyod na maranasan ang ibat-ibang kultura na nakapaligid dito. Kabilang sa asosasyon ay ang “LA CITTA’ DEL SOLE- AMICI DEL PARCO TROTTER” isang “non profit” na samahan na binubuo ng mga magulang, mga guro at mga naninirahan sa paligid. Ang lahat ng proyekto ay pinangangasiwaan ng mga volunteers. Ang asosasyon ay nakikipagtulungan sa Instiuto Comprensivo “Casa del Sole” ay nakalaang magbigay ng mga pagsasanay na may kinalaman sa ekstra-kurikular na mga gawaing-pampaaralan. Sa paaralan, upang mapalalim ang ugnayang pamilya, isa sa mahalagang bahagi na ginagampanan ng Comitato Genitori, sila ay nagbibigay at naglalahad ng mga gawain na may layuning makalikha ng situasyon na makamit ang edukasyon, pakikipag-kapwa at pakikipag-ugnayan para sa mga matatanda, kabataan at mga bata. Sa pulyetong ito makikita at nakahanay ang mga gawaing ibinibigay ng LIBRE sa mga matatanda, mga kabataan at mga bata na pumapasok sa paaralan at sa mga nakapaligid dito.



Ang pulyetong ito ay gawa ng mga mag-aaral sa sekundarya – unang antas ng CASA DEL SOLE, taong-panuruan 2014-2015 updated Setyembre 2016.



icgiacosa.gov.it
www.genitoritrotter.com
www.parcotrotter.org

PARCO TROTTER

CASA DEL SOLE

Tullay sa pagitan ng mundo



Ang Parco Trotter, na kung saan ay matatagpuan ang institusyong pang-edukasyon; ang “Casa del Sole”. Ang parkong ito ay dating karerahan ng mga kabayo. Noong 1919 ang karerahan ng mga kabayo ay inilipat at ito ay ginawang paaralan para sa mga batang may espesyal na pangangailangan (pangangailangang pangkalusugan). Sa loob ng paaralan ay mayroong paaralang pangaserahan para sa mga batang may espesyal na pangangailangan o kabilang sa mahihirap na pamilya. Dahil sa digmaan ang paaralan ay nagsara noong 1942 at muling binuksan noong 1950 na may pangalang “Casa del Sole”. Ibinandila agad nito sa kauna-unahang pagkakataon ang pang-edukasyong pamamaraan, subalit noong unang bahagi ng dekada 60 nagkaroon ng progresibong pinansyal na pagtanggap ang munisipyo. Kaya ang ilang naroon sa lob ng parke ay naiwan sa pagkabulok.